

Prologue

Pinagmasdan ni Giselle ang super cute na lalaking nakaupo sa likod ng mesa nito, kunot ang noo at nakatingin sa computer screen na para bang nilulutas nito ang problema ng kahirapan sa Pilipinas.

Guwapo ang lalaki, singkitin ang mga mata, matangos ang ilong at maganda ang hubog ng mga labing bihirang makita ni Giselle na nakangiti. Pero kapag napangiti mo naman ito, wow! As in wow.

Matangkad din ito at alam niyang fit dahil kabisado rin niya ang exercise regimen nito. He kept himself fit by running and boxing kaya well-developed ang legs, biceps at pecs ng lalaki.

At buong buhay niya itong kinilala in public bilang si *Kuya Alex*, ang serious and sexy former sometimes-boss niya at big brother ng kanyang best friend. Pero sa privacy ng kanyang isip, ito si Alex, super hot, super gorgeous at super unattainable niyang super secret, long-time crush. Walang maaaring makaalam niyon dahil mamamatay sa kahihiyang si Giselle.

Isa pa, kung alam ni Alex o ng best friend niyang si Ayie na may crush siya sa kuya nito, hindi niya magagawa ang pasimpleng pag-stalk dito.

Ngumisi siya habang pinagmamasdan si Alex. Sa sobrang kaseryosohan, ni hindi nito napansing kanina pa siya nasa loob ng opisina nito sa coffee shop na ito rin ang nagmamay-ari, ang *Caffeine Fix*. Malamang din matagal pa bago siya nito mapansin... kung hindi niya pilyang ibinalibag pasara ang pinto.

Napatalon sa gulat si Alex. “Jesus Christ, Giselle!”

Tumawa siya, galak na galak, habang papalapit sa mesa nito. Naupo siya roon at sinipat ang screen ng lalaki. Hindi niya pinansin ang iritadong expression ng mukha nito.

“Ano’ng ginagawa mo, Kuya?”

“Nagtatrabaho ako. What do you want?”

Nagkibit-balikat siya at kumuyakoy pa habang

prenteng nakaupo sa tabi ng keyboard nito, halatang nambubuyo. “Busy kasi si Ayie sa labas kaya nandito muna ako. Hinihintay namin si Tyler.”

Mas lalong kumunot ang noo ni Alex.

“Si Tyler?” ulit ni Giselle. “Castañeda? ‘Yung friend namin ni Ayie? ‘Yung artista.” Umikot ang mga eyeballs niya nang hindi sumagot si Alex, nakasimangot pa rin. “Nakilala mo na siya, Kuya. ‘Wag kang OA. O ganyan ba talaga kapag tumatanda, kung hindi nakakalimot, bumabagal na ang isip?”

“I’m not *that* old.” Lalo lang itong sumimangot kaya lalo naman siyang napangisi. “At hindi ko siya nakalimutan. Iniisip ko lang kung ano’ng special sa kanya at talagang inaabangan n’yo siya.”

“Alam ko na kung ano’ng kailangan mo!” deklarasyon niya na para bang hindi nagsalita ang lalaki. Bumaba siya mula sa pagkakaupo sa mesa nito. “Ipatatimpla kita ng chocolate frappé kay Ayie, ‘tapos palalagyan ko ng extra shot ng *Memo Plus Gold*, ha. Sandali lang.”

“Ayoko ng—”

Hindi niya ito pinansin at nagpatuloy lang siya sa pagsasalita. “Para naman mag-release ng endorphins ang utak mo at ngumiti ka naman. Last year pa kita

huling nakitang ngumiti, eh. I'll be right back.”

“Giselle—” iritado nitong tawag, pero nakalabas na si Giselle ng opisina nito at naisara na niya ang pinto.

Nakangiti pa rin siyang naglakad palayo sa opisina ng lalaki hindi lang dahil nabulabog na naman niya ang buhay nito kundi dahil exciting ang araw na ito.

Nanalo siya sa isang contest na nag-po-promote ng pelikula ng celebrity crush niyang si Tyler Castañeda pero sa kasamaang-palad, may bulutong siya nang araw na dapat ay date sana nila. Ginamitan niya ng charm—which was a nicer way to say “binraso”—niya ang PR people ni Tyler para payagang mag-proxy para sa kanya ang best friend niyang si Alyssa. Si Ayie ang nakipag-date kay Tyler para sa kanya, pero ipinakilala siya nito sa lalaki at sure niyang nagkaroon sila ng connection. She and Tyler had ended up talking, exchanging text messages and e-mail, at ngayon nga ay close na silang dalawa.

Nitong huling mga buwan ay nasa Korea ang binata para i-shoot ang isang pelikula, pero nakauwi na ito at pupunta sa *Caffeine Fix* ngayong araw para ibigay ang pasalubong nito sa kanila.

She couldn't wait to see him again. Cutie naman kasi talaga ang lalaki at kung magpapatuloy ang takbo

ng pagkakaibigan nila, baka ito pa ang magtanggap kay Alex sa number one spot sa puso ni Giselle.

Sawa na kasi siya sa pagiging sawi dala ng unrequited crush niya sa lalaki. Gusto na niya ng kapalit para di naman siya tuluyan nang maawa sa sarili niya.

Nagtungo si Giselle sa dining area kung saan nagpupunas ng mesa ang best friend niya. Nakasuot ito ng uniform shirt ng coffee shop, jeans at isang purple na apron.

“Ayie! Pa-order nga ako ng isang chocolate frappuccino para kay Kuya Alex. Mukhang stressed na naman, eh.”

“Sabi ko naman sa ‘yo busy siya ngayon. Malapit na ang sweldo so payroll ang inaatupag n’un.”

“Sus! Eh lagi namang gan’un ang expression niya. Sabi ko kailangan niya ng chocolate para naman magka-endorphins siya sa katawan para mapangiti. Lagi kasing nakasimangot. Mukha na siyang nag-a-andropause!”

Malutong na tumawa si Ayie. “Do *not* let him hear you say that.”

Ngumisi si Giselle. “What? It’s true!”

Muling tumawa ang kaibigan.

The two of them couldn't be more different when it came to personality. Si Giselle ay isang masayahin at bubbly na pre-school teacher na minsan ay kasing hyper ng mga estudyante niya habang si Ayie, kahit hindi kasing-seryoso ng kuya, ay mas refined at mas mahiyain kaysa sa best friend. Kasalukuyan itong barista sa coffee shop ng kapatid at mukhang masaya sa trabaho nito.

Sa kabila ng pagkakaiba ng mga ugali, hindi niyon pinigilang maging mas malapit pa kaysa sa magkapatid ang dalawang babae. Hindi rin iyon naging hadlang para mapasuot sila sa samu't saring gulo mula nang maging magkaibigan sila noong mga bata pa sila.

Kadalasan, si Giselle ang pasimuno.

“Anong oras ba darating si Tyler?” tanong niya at nakitang parang nabawasan ang amusement sa mga mata ni Ayie. Naupo siya sa booth at sumilip sa labas ng bintana. “Wala pa ba siya?”

“Wala pa,” sagot nito habang nagpapatuloy sa pagpupunas ng ibabaw ng mesa. Kinuha nito ang maruruming mugs at mga kutsarita bago ito umalis para magtungo sa kusina.

Nang lumipas ang ilang minuto at wala pa rin si Tyler, nagpasya si Giselle na magpunta muna sa banyo

para mag-retouch. Nakakahiya naman kung maputla na siya pagdating ng crush niya. Ayaw pa naman niyang makita siya nitong less than her best matapos ang first meeting nila kung kailan may bulutong siya.

Mabilis siyang nag-blush, lipstick at powder bago inayos ang kanyang buhok. Inayos din niya ang suot na blouse at paldang hanggang tuhod bago pinag-aralan ang sarili sa salamin. She looked happy, excited. Napangiti si Giselle sa repleksyon niya bago kinikilig na lumabas ng banyo.

Huminto ang paghinga niya nang tamang-tama namang papasok si Tyler ng coffee shop, looking so adorable in a white shirt and jeans, at may sunglasses sa mga mata.

Hinihintay niya ang mga susunod na sandali kung kailan aalisin ni Tyler ang sunglasses nito, iikot ang paningin nito sa coffee shop hanggang magtama ang kanilang mga mata at mabagal itong ngingiti bago ibubukas ang mga bisig at slow motion naman siyang tatakbo papunta rito para sa isang TV-worthy na reunion.

Pero hindi iyon ang nangyari.

Dahil inalis man ni Tyler ang suot nitong sunglasses, hindi naman kay Giselle nagtungo ang

paningin nito at hindi ito sa kanya mabagal na ngumiti.

The next thing she knew, tumatakbo na si Ayie, ang best friend niya, sa nakabukas na mga bisig ni Tyler, ang celebrity crush niya. Masayang nagyakapan ang dalawa na para bang matagal nang mag-boyfriend.

Kumirot ang puso ni Giselle habang pinapanood ang dalawa. Hindi niya napigilan ang tampo, ang kaunting pagkainis at ang maliit na selos kahit pa mabilis ding nagbago ang isip niya nang makita ang tuwa sa mukha ni Ayie. Bhirang ngumiti nang ganoon ang best friend niya pagdating sa lalaki. It was so obvious that Tyler made her happy.

Hay, mukhang bigo na naman ang beauty ni Giselle.

